# THE LORD'S FLOCK GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Paglalantad kay Satanas: Manggagantso (Panlimang Bahagi sa 8)

A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Marso 3, 2021

Manggagantso ang tawag sa taong may kakayahan at karanasan sa pandaraya at panloloko; nanghihimok siya sa pamamagitan ng panloloko para sa sariling kapakinabangan. Bilang Kristiyano, dapat nating maintindihan na manggagantso si Satanas para hindi niya tayo mabiktima.

**1. Si Satanas ang pinakanakamamatay na manggagantso:**

**1.1** Tunay ang plano ni Satanas na manloko.
**1.2** Ang kanyang mga layunin ay para pumatay (Jn. 10:10) at sirain ang pagkakaisa ng pamilya ng Diyos (Gawa 20:29-30).
**1.3** Siya'y walang awa at ang kanyang mga paraan ay matalino at nakamamatay.
**1.4** Binabaluktot niya ang katotohanan tungkol sa Diyos.
**1.5** Sinasamantala niya ang ating kamangmangan.
**1.6** Siya'y oportunista. Dapat maingat tayo sa sa kahinaan ng ating laman.
**1.7** Mandaraya siya.
**1.8** Pursigido siya.

**2. Ano-anong mga pagkakataon ang kailangan nating pag-ingatan at iwasang tukso?**

**2.1** Ang tukso ay dumarating kung ang espirituwal nating karanasan ay nasa tugatog, tulad noong tinukso si Jesus (Mt. 4). Kung tayo'y lingkod ng Diyos, kailangan nating magdoble ingat sa mga tukso ng demonyo.
**2.2** Dumarating ang tukso kung tayo'y pagod at malungkot.
**2.3** Hindi kasalanan ang matukso ngunit kung tayo'y nagpadaig sa tukso, tayo'y nagkasala.
**2.4** Ginagamit niya ang likas nating ugali para tayo'y tuksuin.
**2.5** Tinutukso niya tayong maghangad at magkamal ng maraming salapi (1Tim.6:10).
**2.6** Binubulag niya ang ating isip (2Cor. 4:4).

**3. May 6 na P si Satanas para maging negatibo ang pananaw natin sa buhay.**

**3.1 Pagkabigo**. Sinasamantala ang ating kahinaan
**3.2 Panghihina ng loob**. Ninanakaw sa puso natin ang Salita ng Diyos.
**3.3 Paghahati-hati**.Pinag-aaway-away ang mga tao
**3.4 Pagdududa**. Matamis ang kanyang dila. May rason siyang ibinibigay sa masamang ginawa.
**3.5 Pagkasira**. Pinipinsala niya ang ating katawan.
**3.6 Pagkaantala.** Ginagamit ni Satanas ang pagkabagot sa paghihintay sa tamang panahon.

**4. Paano natin makikilala ang manggagantso, si Satanas? Mga paraan kung paano siya makikilala**:

**4.1** alamin na siya'y ating kalaban (Jn.10;10;Jn8:44).
**4.2** alamin ang katotohanan tungkol kay Cristo at tanggihan ang kasinungalingan ni Satanas (1Cor. 15:33; Jas. 1:6-8).
**4.3** pakinggan ang ating konsiyensiya at pag-isipang mabuti ang gagawing desisyon (Pahayag 12:10; 2Tim 1:7).
**4.4** magdasal at sumangguni sa Salita ng Diyos (Jn. 16:33).

**Konklusyon:**

Sa panlima ng 8 bahagi ng seryeng ito, dapat iwasan si Satanas na manggantso. Tinuturuan, sinasanay, at nakikilakbay ang Diyos sa atin habang tayo ay lumalago sa ating pananampalataya. Ipagpatuloy natin ang pagsunod sa mga Salita ng Diyos, umiwas sa tukso, at manalangin ng proteksyon laban sa mga panukala ng mangagantsong Satanas.

**Pagninilay:**

1. Paano mo pangalagaan ang iyong sarili laban kay Satanas?
2. Anong bahagi ng buhay mo ang nangangailangan ng proteksyon laban sa manggagantsong Satanas?
3. Ano ang dasal mong proteksyon laban kay Satanas? Ilang beses mo ito dinadasal?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: # #LabanangEspirituwal, #Kasamaan, #Tukso